# MAKISANGKOT, MAGING LIGTAS

## Mga Pinansyal na Panloloko at Scam



**Bawat taon, milyun-milyong matatandang Amerikano ang nawawalan ng pera dahil sa mga pinansyal na panloloko at scam.**
Susubukan ng mga scammer na makipag-ugnayan sa iyo nang personal, sa telepono, sa pamamagitan ng computer, radyo, mga ad sa TV, email, at text. Kadalasan ay pinipilit ka nilang kumilos nang mabilis. Ngunit KAYO ay may kapangyarihang pigilan ang mga scammer na ito at may karapatang magsabi ng "HINDI".

Ang lima sa pinakakaraniwang mga scam na nakakaapekto sa mga matatandang Amerikano ay:

### Online Shopping

Nagpapanggap ang mga scammer na isang tunay na negosyo, ngunit mayroong isang pekeng website o isang pekeng ad sa isang tunay na retailer site.

**Tip**

**I-click lamang ang mga link na sinearch mo**

### Mga Negosyong Huwad

Nagpapadala ang mga scammer ng mga email o text na nagpapanggap na isang pangunahing retailer para makuha ang iyong pera o personal na impormasyon.

**Tip**

**Huwag i-click ang mga link sa text o email bago suriin ang iyong account o makipag-ugnayan sa kumpanya**

### Tech Support

Nagpapanggap ang mga scammer bilang tech support at nag-aalok na ayusin ang mga problema sa computer na hindi totoo. Hihilingin nila sa iyo na bigyan sila ng access sa iyong computer at nanakawin ang iyong personal na impormasyon.

**Tip**

**Tanggapin lamang ang tulong mula sa tech support kapag may napansin kang problema at nag-hire ka ng isang tao o humingi ng tulong**



## MAKISANGKOT, MAGING LIGTAS
## Mga Pinansyal na Panloloko at Scam

### Pagpapanggap bilang Gobyerno

Nagpapanggap ang mga scammer bilang mga empleyado ng gobyerno at nagbabanta na aarestuhin o uusigin ka nila maliban na lamang kung pumayag kang bayaran sila.

**Tip**

**Hindi kailanman tatawag sa iyo sa telepono at hihingi ng personal na impormasyon o pagbabantaan ka ng pederal na gobyerno**

### Mga Scam sa Romansa

Nagpapanggap ang mga scammer bilang mga interesadong romantikong kapareha at kinukumbinsi kang bigyan sila ng pera o mag-aalok na papadalhan ka ng pera upang manakaw ang iyong personal na impormasyon.

**Tip**

**Huwag magpadala o tumanggap ng pera sa anumang anyo (tulad ng mga gift card o wire transfer) mula sa sinumang nakilala mo online, gaano man kalungkot o kapani-paniwala ang kanilang kuwento**

**Ang isa sa mga pinakamahusay na paraan upang maiwasan ang pinansyal na panloloko ay ang malaman ang mga scam. Matuto tungkol sa mga uri ng mga pinansyal na scam sa consumer.ftc.gov/scam-alerts or elderjustice.gov/senior-scam-alert**

### HUMINGI NG TULONG

Tawagan ang Elder Fraud Hotline sa **833–372–8311**

*Lunes–Biyernes, 10:00 a.m.–6:00 p.m. eastern time*
*Available ang English/Español/Iba pang mga wika*

Ang libreng resource na ito ay may mga kawani ng mga eksperyensadong tagapamahala ng kaso na nagbibigay ng suporta ngunit hindi nag-iimbestiga ng mga kaso.

Bisitahin ang Elder Justice
elderjustice.gov

DEPARTMENT OF JUSTICE
ElderJustice INITIATIVE